Ano ang ibig sabihin para ang nag-abuso ay tumanggap ng "babala" o "mabigyan" ng utos ng proteksyon (protection order)? *What does it mean for the abuser to receive "notice" or be "served" with a protection order?*

■ Ang ibig sabihin ng pansariling serbisyo ay ang nag-abuso ay nabigyan ng kopya ng utos ng proteksyon. Ang karaniwang gumagawa nito ay ang mga pulisya at saka sila ang magbibigay ng katibayan sa korte na naibigay ang utos. Ang ibig sabihin ng "Babala" ay alam ng nag-abuso tungkol sa utos.

Ano kung mayroon kang utos ng proteksyon sa isa't isa ("mutual" protection order)? *What if you have a "mutual" protection order?*

■ Ipagbawal ng utos ng proteksyon sa isa't isa ang parehong partido na makitungo sa isa't isa. Kaiba ang pagtrato nito ng batas ang Full Faith at Credit, at maaring lalong mahirap na ipatupad.

■ Kung maunang magdemanda ng utos ng proteksyon ang nag-abuso, maari mo ring hilingin sa korte na magbigay din ng utos ng proteksyon laban sa kanya. Kung ang korte ay magbigay ng utos sa isa't isa, hilingin mo sa korte na isama ang mga partikular na natuklasan na ikaw at ang nag-abuso ay may karapatan sa utos ng proteksyon.

■ Ang ibang paraan ay kanya-kanyang magdemanda para sa utos ng proteksyon.

MGA TAKBUHAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN (CRIME VICTIM RESOURCES)

EMERHENSYA: EMERGENCIES

Departamento ng Pulisia sa iyong Pook	911
Nasyonal na Sentro ng Biktima	800-FYI-CALL

Mga PROGRAMA ng TAGAUSIG na TUMUTULONG sa SAKSI ng BIKTIMA: PROSECUTORS' VICTIM-WITNESS ASSISTANCE PROGRAMS:

Siudad at Pook ng Honolulu	547-7401
Pook ng Hawai`i	934-3306
Pook ng Kaua`i	241-1898
Pook ng Maui	270-7695

SADYA na NUMERO para sa mga SERBISYO sa mga BIKTIMA ng ABUSO ng SAMBAHAYAN
DOMESTIC VIOLENCE VICTIMS SERVICES HOTLINE:

Siudad at Pook ng Honolulu	841-0822
Pook ng Hawai`i	322-7233
Pook ng Kaua`i	245-6362
Pook ng Maui	
Mga Babae Tutulong Sa Mga Babbae	
(Kukupan/Bagong Telepono)	808-579-9581
CFS (Bagong Telepono)	808-877-9888
Moloka'i	567-6888
Lana'i	
Mga Babae Tutulong Sa Mga Babbae	
(Kukupan/Bagong Telepono)	808-579-9581
CFS (Bagong Telepono)	808-877-9888

SADYA na NUMERO para sa mga SERBISYO sa mga BIKTIMA ng PAGGAHASA: SEXUAL ASSAULT VICTIM SERVICES HOTLINE:

Siudad at Pook ng Honolulu	524-7273
Pook ng Hawai`i	935-0677
Pook ng Kaua`i	245-4144
Pook ng Maui	808-873-8624
(Lanai & Molokai)	866-443-5702

Mga SERBISYO ayon sa BATAS ng IMIGRASYON:
IMMIGRATION LEGAL SERVICES

Hawaii Immigrant Justice Center
(formerly Na Loio - Immigrant Rights and Public Interest Legal Center)
Oahu: (808) 536-8826
Neighbor Islands: 1-877-208-8828

(TAGALOG)

Palakasin ang iyong Kaligtasan: 'Full Faith & Credit' Para sa mga Utos ng Proteksyon

Increasing Your Safety: Full Faith & Credit for Protection Orders

MAYROON KA BANG UTOS NG PROTEKSYON? DO YOU HAVE A PROTECTION ORDER? AT, AND,

■ *Ikaw ba ay lilipat sa ibang estado o teritorio ng U.S.?*

■ *Ikaw ba ay nagtratrabaho sa komunidad na iba sa iyong tirahan?*

■ *Ikaw ba ay papasok sa eskuwelahan na nasa labas ng estado?*

■ *Ikaw ba ay pupunta sa isang pagdiriwang na nasa labas ng estado ?*

Ang proyektong ito ay tinustusan ng Grant No. 2002-WE-BX-0049 na ipinagkaloob ng Opisina ng Karahasan Laban sa Kababaihan, Opisina ng Programa ng Hustisya, at Departamento ng Hustisya ng U.S. Ang mga opinyon sa dokumentong ito ay galing sa maygawa at hindi kinakailangan na katawanin ang opisyal na paninindigan o patakaran ng Departamento ng Hustisya ng U.S.

DEPARTMENTO ng ABOGADO HENERAL ng HAWAI`I
GRANTS ENFORCING ARREST POLICIES TRAINING PROJECT
235 South Beretania Street, Suite 401
Honolulu, Hawai`i 96813
Telephone (808) 586-1150
Fax (808) 586-1373

07/2004

ANO ANG TRO, UTOS NG PROTEKSYON O UTOS NG HUKUMAN SA PAGPAPATUPAD ? WHAT IS A TRO,

PROTECTION ORDER OR INJUNCTION?

■ Ang mga pansamantalang utos ng pagpigil, utos ng proteksyon, o utos ng korte na pagpapatupad ay ibinibigay ng korte. Ang utos ng proteksyon ay maaring utusan ang lihim na nagsusubaybay na pabayaan kang mag-isa at mabigyan ka pa ng kaibang proteksyon.

■ Hindi kailangan na ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanenteng residente para makakuha ka ng utos ng proteksyon. Ang pagkuha ng utos ng proteksyon ay walang epekto sa katayuhan ng iyong imigrasyon.

ANO ANG "FULL FAITH AND CREDIT"? WHAT IS FULL

FAITH AND CREDIT?

■ Ang ibig sabihin ng "Full Faith and Credit" ay ang utos ng proteksyon ay naipapatupad kung saan man lugar ito ibinigay at sa lahat ng iba pang mga sakop (jurisdiction). Kasama na nasasakupan nito ang lahat na 50 na estados, Indian tribal lands, ang Distrito ng Columbia, ang U.S. Virgin Islands, Puerto Rico, American Samoa, ang Isla ng Northern Mariana at Guam.

■ Ang "Full Faith and Credit" ay tumutulong para maprotektahan ang libreng paggalaw sa pamamagitan ng pagutos ng sistema ng hustisya na ipatupad ang utos ng proteksyon sa buong bayan. Kung ang nag-abuso ay susundan ka sa ibang sakop at lumabag sa utos ng proteksyon, ang nag-abuso ay maaring maparusahan batay sa mga batas ng sakop kung saan nagyari ang paglabag ng utos.

ANG IYONG UTOS NG PROTEKSYON AY MAY KARAPATAN SA "FULL FAITH AND CREDIT" KUNG ITO AY MAY-BISA YOUR PROTECTION ORDER IS ENTITLED TO FULL

FAITH AND CREDIT IF IT IS VALID.

Ang utos ng proteksyon ay may-bisa kung:

■ Ito ay ibinigay ng korte na may sakop sa iyo at ng nag-abuso at ang korte ay may autoridad na makinig at magpasiya sa kaso, at

■ Ang nag-abuso ay nabigyan ng makatwiran na babala at oportunidad na marinig.

MGA MAPAKINABANGAN NA PAALAALA PRACTICAL TIPS

■ Kumuha ka ng sertipikadong kopya ng iyong utos ng proteksyon. Ang "sertipikadong " kopya ay mayroong selyo ng korte, tatak, o pirma ng huwes na nagbigay o eskriyente ng korte. Hindi kinakailangan na sertipikado ang iyong utos para maipatupad.

■ Kumuha ka ng nakasulat na katibayan galing sa ahensya ng batas o korte na nagbigay ng utos na naibigay nga ang utos sa nag-abuso.

■ Dapat nasa iyo sa lahat ng oras ang iyong utos ng proteksyon at katibayan ng serbisyo.

■ Magbigay ka ng kopya ng iyong utos ng proteksyon sa iyong pinagtratrabahuan, eskuwela, mga kaibigan, mga kamag-anak, at mga agensya ng batas na nangangailangang ipatupad ang iyong utos ng proteksyon.

■ Hindi mo kailangan na irehistro ang iyong utos ng proteksyon dito sa Hawai`i. Gayon pa man, ang mga ibang sakop ay maaring hingin kang irehistro o magdemanda ka ng utos ng proteksyon. Kausapin mo ang tagataguyod (advocate) ng abuso ng sambahayan na siyang magpaliwanag ang pag-rehistro at tulungan kang magpasiya kung ang pag-rehistro ay hindi delikado sa iyo.

■ Isulat mo lahat ng paglabag na ginawa ng nag-abuso, kasama ang mga tawag sa telepono at mga mensahe. Gawin mo ito maski ikaw lang mag-isa ang saksi sa mga paglabag niya. Ito ay magpapatunay na mayroong "tala" at makatulong sa pulisya para kumuha ng mga hakbang na mangprotekta sa iyo.

■ Gumawa ka ng mga plano para sa iyong kaligtasan.

■ Pumunta ka sa taguan (shelter),kung kailangan.

■ Tawagin mo ang lokal na programa ng abuso ng sambahayan sa ano mang kumunidad na pupuntahan mo.

■ Kumuha ka ng serbisyo ng abogado kung kailangan ito.

MGA MAPAKINABANGAN NA PAALAALA PARA SA SERBISYO AT BABALA PRACTICAL TIPS ON SERVICE AND NOTICE

■ Marami sa mga pulis ang hindi nagpapatupad ang utos na "ex-parte" maliban kung maari nila patunayan na ang nag-abuso ay nabigyan ng babala at utos.

■ Dapat mayroon ka kahit man lang isa sa iyo sa lahat ng oras (o dalawang kopya kung hindi pa naibigay sa nag-abuso ang iyong utos) ng iyong utos ng proteksyon at ipakita mo ito sa mga pulis kung magsumbong ka sa mga nilabag ng nag-abuso.

■ Ipakita mo sa pulis ang mga katibayan na mayroon ka na ang utos ay naibigay o ang nag-abuso ay nabigyan ng babala tungkol sa utos.

■ Kung hindi pa naibigay ang utos sa nag-abuso bago ka magsumbong sa mga nilabag niya, o kaya ang pulis ay hindi niya mapatunayan ang babala, hingin mo sa pulis na ibigay ang utos sa nag-abuso at arestuhin siya sa mga iba pang krimen na ginawa ng nag-abuso sa sakop na nagpapatupad. Hingin mo sa pulis na sabihin niya sa sakop na nagbigay ng utos ng proteksyon na ito ay naibigay na.

ANG MGA MADALAS ITINATANONG AT SAGOT SA MGA ITO FREQUENTLY ASKED QUESTIONS AND ANSWERS

Ang mga emerhensya o "ex parte" na utos ba ay may-bisa at naipapatupad batay sa pederal na batas?

■ Ang mga utos na "ex parte" ay emerhensya o pansamantalang utos ng proteksyon na ibinibigay sa hiling ng biktima na walang babala sa nag-abuso. May-bisa ito sa panahon na ito ay wasto sa nagbigay na sakop. Halimbawa, ang utos na "ex-parte" na ibinigay para sa kinse na araw ay may-bisa sa ano mang komunidad ng kinse na araw. Gayun pa man, kung ito ay naipatupad sa pamamagitan ng aresto ay depende kung ang nag-abuso ay nabigyan ng utos o nakatanggap ng babala ng utos.